## Ano ang Karahasang Batay sa Kasarian (Gender-Based Violence)?

Ang Karahasang Batay sa Kasarian (Gender-Based Violenceo GBV) ay tinutukoy bilang anumang mapanirang banta o kilos na nakatuon sa isang indibidwal o grupo batay sa kanilang tunay o inaakalang:

- Kasarian ayon sa biyolohiya (Biological Sex);
- Pagkakakilanlang Pangkasarian (Gender Identity);
- Pagpapahayag ng Kasarian (Gender Expression);
- Orientasyong Sekswal (Sexual Orientation); o
- Pagkakaiba mula sa mga panlipunang pamantayan na may kaugnayan sa pagkalalaki o pagkababae

Ang GBV ay maaaring kabilang ang pisikal, sekswal, sikolohikal, pang-ekonomiya, at emosyonal na pang-aabuso. Ito ay nakaugat sa istruktural na hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian, sapilitang kontrol, at hindi pantay na balanse ng kapangyarihan.

Ang mga lumalabag ay maaaring mga opisyal o organisasyon ng gobyerno, indibidwal tulad ng mga miyembro ng pamilya, pinunong relihiyoso, iba pang kakilala, o hindi kilalang tao. Ang GBV, tulad ng sapilitang pagpatay, pagpapahirap, sekswal na karahasan, at sapilitang pag-aasawa, ay maaari ding gamitin bilang isang taktika ng digmaan o sa panahon ng panlipunang kawalang-tatag.

## Sino ang Apektado ng Karahasang Batay sa Kasarian (GBV)?

Ang sino man, anuman ang edad, katayuang panlipunan at pang-ekonomiya, kultura, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, sekswal na pagkakakilanlan o oryentasyon, lahi, etnisidad, nasyonalidad, o relihiyon, ay maaaring makaranas o maging tagapagpadanas ng GBV.

Ang mga babaeng may kulay (partikular na ang mga babaeng American Indian, Alaska Native, Indigenous, at Black), mga babaeng imigrante (lalo na ang mga walang ligal na katayuan), mga babaeng nasa antas ng kahirapan, mga menor de edad, mga indibidwal na may kapansanan, at mga sekswal na minorya (ibig sabihin, mga indibidwal na ang sekswal na pagkakakilanlan, oryentasyon, o gawi ay naiiba sa karamihan) ay madalas na may mas higit na kahinaan at mas maraming hadlang sa paraan ng mga mapagkukunan ng suporta.



## Maari Kang Makakuha ng Kumpidensyal na Tulong sa Iyong Wika

Kung ikaw ay nakararanas ng pang-aabuso o karahasan sa tahanan, stalking, o karahasang may kaugnayan sa pakikipag-date, makipag-ugnayan sa National Domestic Violence Hotline sa 800-799-7233, 800-787-3224 (TTY para sa mga taong bingi o may kapansanan sa pandinig), o sa **thehotline.org**.

Kung ikaw ay nakaranas ng sekswal na karahasan, tumawag sa Rape, Abuse & Incest National Network (RAINN) National Sexual Assault Hotline sa 800-656- 4673. Maaari mo ring bisitahin ang kanilang website para sa karagdagang impormasyon sa **hotline.rainn.org.**

Kung ikaw ay nakaranas o nanganganib na maranasan ang sapilitang pag-aasawa, tumawag sa 888-373-7888, o makipag-ugnayan sa Forced Marriage Initiative ng Tahirih Justice Center sa 571-282-6187. Maaari ka ring mag-email sa FMI**@tahirih.org.**

Kung ikaw ay nakaranas, nanganganib na makaranas, o may kakilalang maaaring nasa panganib ng FGM/C, pang-aabuso o pagpapabaya sa bata, tumawag sa 800-4-A-CHILD (800-422-4453). Maaari ka ring mag-email sa End FGM/C Network sa **info@endfgmnetwork.org** o bisitahin ang kanilang website para sa karagdagang impormasyon sa **endfgmnetwork.org**.

Ang impormasyon tungkol sa mga opsyon sa imigrasyon na magagamit para sa mga biktima ng GBV o human trafficking ay matatagpuan sa website sa **www.uscis.gov/humanitarian**. Ang karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan (resources) para sa mga biktima ng human trafficking ay makukuha sa **www.dhs. gov/blue-campaign**.

Ang mga mapagkukunang ito ay makakatulong sa iyo na matukoy ang mga opsyon sa tulong kaligtasan, legal, pinansyal, at imigrasyon na maaaring magamit mo.

Homeland Security

# Karahasang Batay sa Kasarian (Gender-Based Violence o GBV)

Magagamit sa Iba't Ibang Wika

U.S. DEPARTMENT OF HOMELAND SECURITY
COUNCIL ON COMBATING GENDER-BASED VIOLENCE

M-1783

# Mga Halimbawa ng GBV

Ang kabilang sa ilang halimbawa ng GBV ay, ngunit hindi limitado sa: karahasan sa tahanan, karahasang may kaugnayan sa pakikipag-date, female genital mutilation o cutting (FGM/C), panliligalig (stalking), sapilitang pag-aasawa, at sekswal na karahasan, kabilang ang sekswal na pang-aabuso, pag-atake, at panliligalig.

## Karahasan sa Tahanan

Isang paulit-ulit na gawi sa isang relasyon na ginagamit upang makuha o mapanatili ang kapangyarihan at kontrol sa isang kapareha, magulang, o anak. Ang karahasan sa tahanan ay maaaring may kasamang pisikal, sekswal, emosyonal, pinansyal, may kaugnayan sa imigrasyon, o sikolohikal na pang-aabuso o pagbabanta. Halimbawa, ang lumalabag:

- Itinuturing kang kanilang ari-arian o isang sekswal na bagay.
- Nagpapakita ng matinding panibugho at pagiging mapang-angkin.
- Ipinagkakait sa iyo ang pakikipag-ugnayan sa mga kaibigan o pamilya.
- Nililimitahan at sinusubaybayan ang iyong pakikipag-ugnayan sa panlabas na mundo.
- Itinatanggi, minamaliit, o isinisisi sa iyo ang kanilang karahasan, gamit ang stress, "masamang araw," alak o droga, kondisyong medikal, o iba pang sitwasyon bilang dahilan.
- Kinokontrol ang lahat ng iyong pananalapi at gumagamit ng pagbabanta at pananakot upang pigilan kang magtrabaho o pumasok sa paaralan; kinokontrol ang iyong personal na mga desisyon, tulad ng kung ano ang isusuot o iba pang aspeto ng iyong hitsura.
- Nagbabanta o nananakot tungkol sa iyong kakayahang makakuha ng immigration status.
- Kinokontrol ang iyong access sa mahahalagang dokumento, kabilang ang mga papeles na may kaugnayan sa pananalapi, pagkakakilanlan, imigrasyon, o iba pang mahahalagang papeles.

## Female Genital Mutilation o Cutting (FGM/C)

Lahat ng pamamaraan na kabilang ang bahagya o ganap na pagtanggal ng panlabas na ari ng babae o iba pang pinsala sa mga bahaging pang-reproduksiyon ng babae na walang anumang medikal na dahilan.

- Ang FGM/C ay maaaring isagawa sa labas ng isang medikal na pasilidad gamit ang hindi wastong at hindi isterilisadong mga kagamitan at walang pampamanhid; gayunpaman, ang FGM/C ay patuloy ding nangyayari sa mga medikal na pasilidad tulad ng mga klinika ng pangangalagang pangkalusugan at isinasagawa nang ilegal ng mga propesyonal sa kalusugan.
- Ang FGM/C ay maaaring isagawa nang higit sa isang beses at madalas na ginagawa sa pagitan pagkapanganak sa sanggol at edad 15.
- Sa ilang mga komunidad, ang FGM/C ay isinasagawa bilang paghahanda sa kasal.
- Ang FGM/C ay maaaring magkaroon ng agarang at pangmatagalang epekto sa emosyonal at pisikal na kalusugan.

## Panliligalig o Stalking

Paulit-ulit na kilos na maaaring magdulot ng takot sa isang makatwirang tao para sa kanilang sariling kaligtasan o kaligtasan ng iba, o magdulot ng matinding emosyonal na pagdurusa. Ang lumalabag ay maaaring sinuman, kabilang ang kasalukuyan o dating kapareha, o isang estranghero. Maaari mong maranasan ang panliligalig (stalking) kung ang lumalabag ay:

- Sinusundan o minamanmanan ka sa iyong bahay, paaralan, trabaho, lugar ng pagsamba, o iba pang lokasyon.
- Ginigipit ang iyong mga kaibigan, pamilya, o employer upang makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong kinaroroonan.
- Tumatawag o nagpapadala sa iyo ng hindi kanais-nais na voice, text, o electronic messages.
- Minomonitor o kinokontak ka online, halimbawa, sa pamamagitan ng social media.

## Sapilitang Pag-aasawa

Isang kasal kung saan ang isa o parehong panig ay hindi o hindi maaaring pumayag, at kung saan may isa o higit pang elemento ng puwersa, panloloko, o pamimilit. Maaari rin itong maging sanhi at resulta ng karahasan sa tahanan, karahasang may kaugnayan sa pakikipag-date, sekswal na karahasan, o panliligalig (stalking). Ang mga lumalabag ay kadalasang ang mga pinakamalalapit sa iyo, kabilang ang pamilya o mga miyembro ng komunidad.

Ang mga tao sa anumang edad ay maaaring makaranas ng sapilitang pag-aasawa. Maaari mong maranasan ang sapilitang pag-aasawa kung:

- Pakiramdam mo ay wala kang pagpipilian kung sino o kailan ka magpapakasal.
- Ikaw, o isang taong malapit sa iyo, tulad ng isang miyembro ng pamilya o mahal sa buhay, ay nakararanas o pinagbabantaan ng pag-abandona, pag-iisa, pagkakait ng pamamaraan sa edukasyon, kahirapan sa ekonomiya, pagkawala ng kalayaan sa pagkilos, o pisikal at emosyonal na pang-aabuso.
- Ang iyong mga dokumento sa paglalakbay, pagkakakilanlan, mga gamit sa komunikasyon, o pera/suportang pinansyal ay kinuha upang pilitin kang magpakasal o manatili sa isang kasal na hindi mo sinang-ayunan.
- Ang iyong komunikasyon sa pamamagitan ng teknolohiya o iba pang paraan ay mahigpit na inabanatayan upang pigilan kang humingi ng tulong o suporta.

## Sekswal na Karahasan

Kabilang dito ang sekswal na panliligalig, sekswal na pang-aabuso, pag-atake, insesto (incest), panggagahasa, o iba pang hindi pinagkasunduang kilos na may kaugnayan sa sekswalidad. Ito ay pangunahing nakakaapekto sa mga kababaihan, batang babae, at mga indibidwal na transgender at non-binary (hindi lamang dalawa ang pagkakakilanlan sa oryentasyong pagkasarian).

- Ang sekswal na karahasan ay maaaring mangyari sa iba't ibang konteksto bilang isang paraan ng pananakot o parusa, kabilang ang sa panahon ng digmaan, bilang isang taktika ng marahas na ekstremismo, o sa loob ng iyong pamilya, paaralan, o lugar ng trabaho.
- Ang mga paniniwala at panlipunang pamantayan ay maaaring magpataas ng iyong kahinaan sa sekswal na karahasan. Halimbawa, halos kalahati ng lahat ng transgender o non-binary na indibidwal ay nakaranas ng sekswal na pang-aabuso o pag-atake sa kanilang buhay.
- Ang mga lumalabag ay maaaring ang iyong kasalukuyan o dating kapareha, mga kamag-anak tulad ng mga kapatid, pinsan, magulang, tiyuhin at tiyahin, o lolo at lola, mga kamag-aral, opisyal ng gobyerno, o mga estranghero.